# DRAMA AT PAKIKIBAKA SA BRGY. MASIGLA





TOMO I BLG 3 I MARSO 2024



AYAN, SUMASAMA-SAMA PA KASI KAYO KAY MANG KIKO SA SAMAHAN. KAYA KAYO NAPAPAHAMAK E!
AALAMIN NATIN ANG PUNO'T DULO NITO. HAHANAP TAYO NG HUSTISYA PARA KAY PARENG GORYO.
10:56
ALDRIN
Edit
tol, msta na?
aus p d2. bc lng tol
cge tol. msta dw sbi berns.bsta tx mko kpg me balita na. tnx!
tol? me problema
TOL? JAN KBA? BUGBOG SRADO C NINONG. don roman ata nag utos d2. pnta kmi now cnter.
txtback
NAGPULONG ANG SAMAHAN HINGGIL SA INSIDENTE AT SA SUSUNOD NA HAKBANGIN UPANG MAPANGALAGAAN ANG LAHAT NG RESIDENTE AT KANILANG KABUHAYAN.
BUKOD SA KASO NI GORYO, MAYOR NATING ILALAPIT ANG PAGHINGI NG SUPORTA PARA SA PAGTUTOL SA DEMOLISYON.
MAGPA-BLOTTER NA TAYO KAY KAPITAN. BAKA SA SUSUNOD, HINDI NA LANG BASTANG BUGBOG ANG ABUTIN NG MGA TAO SA BARYO.
SA BARANGAY HALL...
KAP, MAKUKUHA BA NAMIN ANG SUPORTA NIYO?
PEPAY
SIGE, TUTULONG ANG SANGGUNIAN SA ABOT NG MAKAKAYA. KAILANGAN LANG NATING MAG-INGAT.




Sinubukan nilang humingi ng tulong kay Mayor ngunit ni anino nito ay hindi nila nasumpungan...
OFFICE OF THE MAYOR
WALA PO SI MAYOR NGAYON.
Sa opisina ni Vice Mayor Reynaldo Reyes...
Hindi tayo papayag na mapatayuan ng mga mall at tourist spot ang Masigla. Papatayin n'yan ang kabuhayan natin! Kaisa niyo ako sa laban ng samahan nyo.
Maraming salamat, Vice! Kumpyansa kaming lumaban kay Don Roman dahil pinapanigan ninyo kami.
Asahan din namin ang pangako ninyong abugado para sa kaso ni Goryo.
Naging alyado ng samahan si Vice Mayor.
Welcome Back Tatay Goryo!
Makalipas ang ilang araw, nakauwi si Tatay Goryo mula sa pagpapagaling at sinalubong siya ng mga kababaryo sa pamamagitan ng isang maliit na salu-salo...




IBINAHAGI NI TATAY GORYO ANG MGA PANGYAYARI BAGO SYA NATAGPUAN NI NANAY NELYA NA NAKAHANDUSAY SA KOPRASAN...
TINAKOT NILA AKO. PINIPILIT NILANG TANGGAPIN KO ANG KINSE MIL AT UMALIS NA RAW AKO SA SAMAHAN. E AYOKO...
AYOKO RAW NG KINSE MIL KAYA KINSENG BUGBOG ANG NATANGGAP KO!
E ANONG BALAK MO NGAYON?
ABA, TULOY ANG LABAN NATIN, PARENG KIKO! WALANG ATRASAN 'TO.
MALAKAS NA PALA AY. PUWEYDI NANG MAGKAWIT NG NIYOG!
SINIMULAN NG SAMAHAN ANG KAMPANYA SA PETITION SIGNING PARA SA PAGTUTOL SA PAGPAPALAYAS NI DON ROMAN SA TAUMBARYO NOONG SETYEMBRE. BUONG TIYAGA SILANG NAGBAHAY-BAHAY PARA SA PINAKAMARAMING PIRMA KONTRA
PARANG BUONG BARANGAY NA PALA ANG PUMIRMA E!
AY SINO NGA NAMAN BA'NG GUSTONG MAWALAN NG TIRAHAN? HE! HE!
MAGRORONDA RIN KAMI...
SAMANTALA, BIGLAAN NA LAMANG NAGPASYA ANG LOKAL NA PULISYA NA MAGLAGAY NG OUTPOST SA BISINIDAD NG BRGY. MASIGLA PAGDATING NG OKTUBRE...
POLICE OUTPOST


Binakuran ng mga pribadong goons ni Don Roman ang mga hangganan ng lupa. Sa kabila nito, nailulusot pa rin ng mga residente ang mga kopras dahil direkta itong kinukuha ng mga tauhan ni Vice Mayor diretso sa repineriya ng niyog.
Uy Kaloy, kaninong sasakyan ba 'to?
Kay vice mayor. Kasama daw talaga ito sa usap nila sa samahan nina tatay. Kagaling nga e.
Unang linggo ng Nobyembre...
Aba Tintin! Nakakaisip ka pa palang umuwi?!
Oo naman, 'nay! Kasama ko mga kaklase ko.
Tamang tama. Sabay-sabay na tayong kumain sa bahay!
Buong seksyon namin sa MassCom ang kasama ko, 'nay!
Sigurado po ba kayo? Marami po kami! He! He! He!
Hindi ka man lang nagpasabi, nakapaghanda sana ako.


NAKAUSAP KO NA SI TATAY AT ANG SAMAHAN BAGO PA KAMI PUMUNTA DITO, NAY. MAY PROJECT KASI KAMI SA COMMUNITY JOURNALISM,
AY SYA. KUNG GAYON NAMAN PALA'Y SIGE. AKO NAMA'Y SUPORTA LAANG SA INYO.
DUMAYO ANG KLASE NI TINTIN SA BRGY. MASIGLA UPANG MAG-IPON NG MGA KWENTO AT BALITANG MAGAGAMIT SA KANILANG CLASS PROJECT.
NAKIPAGKASUNDO ANG BUONG KLASE NINA TINTIN SA SAMAHAN PARA SA KANILANG MAGIGING AKTIBIDAD. PARA MAGKASYA SILANG LAHAT, NAGTOKAHAN NG MGA BAHAY ANG SAMAHAN NA TUTULUYAN NG MGA ESTUDYANTE SA BARYO, KASAMA ANG MGA PATAKARAN SA PANANATILI NG MGA ITO.
AY NING, MAGSABI KA LANG NG KAILANGAN MO, HA?
SIGE PO, SALAMAT PO!
MAY BAGO PALA KAYONG TINDERO DITO, NINANG?
KAKLASE PO AKO NI TINTIN, KUYA.
ILANG TAON NA PO KAYO NAKATIRA DITO, MANG GORYO?
DITO NA AKO IPINANGANAK, IHO. KABABATA KO 'YANG SI PATRING.
ISANG DAPITHAPON, NAGLUNSAD ANG SAMAHAN AT ANG KLASE NINA TINTIN NG ISANG BONFIRE CULTURAL NIGHT. NAGBAHAGINAN SILA HINGGIL SA MALALIM NA KASAYSAYAN NG PAGKAKAISA NG MAMAMAYAN SA BRGY. MASIGLA. PINALAWIG DIN NILA ANG DISKUSYON SA KASALUKUYANG PAKIKIBAKA NG MGA RESIDENTE PARA SA LUPA, PANIRIKAN AT KABUHAYAN.
"KARAPATAN SA LUPA, KARAPATAN SA BUHAY!"


KINABUKASAN...
ABA! SIKAT NA ANG TATAY SA PEYSNUK, NAAAY!
ALAM MO TINTIN, NOON PA MAN, KAHIT WALA PANG PEYSNUK E SIKAT NA TALAGA ANG TATAY MO. PATINGIN NGA.
DELA CRUZ F
Photos
Like
Send
Limuel Martinez
15 Dec 2023
RTV Interviews: Tatay Kiko Ang bagong Lito Lapid ng Brgy. Masigla, lider ng SMBM
See translation
You, Mimi Yeah and 236 others
Love
Send
Share
SABI NGA NG MGA KAKLASE KO E GWAPO SI TATAY. SABI KO, "HINDI LANG GWAPO. MATAPANG AT MAY PRINSIPYO PA." NAGMANA YATA AKO KAY TATAY! HA! HA! HA!
NAGMANA SA KATAPANGAN AT PRINSIPYO BA? O SA KAGWAPUHAN?!
IIHI LANG HO AKO.
TING!
Queenie
63% 20:23
Mahal?
bumili lang kmi meryenda ni chuchay. ok lng ako. bakit di natin sabihin sa nanay mo tungkol satin? muka nmn mabait si tita eh...
wag muna. di pa ako handa. :-(
hmmm. ikaw. aus lang sakin. bsta relax ka lang. masyado ka tensyonado eh! diba toasted siopao paborito ni tita? ikaw wag kna. hahaha. joke. labyu mahal! :-*
bili din kmi gamit for cultnight.
Enter message
SINASABI KO NA NGA BA'T ANG AMING TINTIN AY ISA PALANG TONTON! BA'T KAYA AYAW NIYANG SABIHIN? E HINDI NAMAN AKO MAGAGALIT...



Sa huling araw ng pakikipamuhay ng mga estudyante sa Brgy. Masigla, nagpasalamat sila sa samahan at sa buong baryong tumanggap sa kanila.
KARAPATAN SA LUPA, KARAPATAN SA BUHAY!
Nagbahagi sila ng pangkulturang pagtatanghal.
Ibinahagi ng mga estudyante ang resulta ng kanilang pananaliksik hinggil sa mga proyektong makapipinsala sa kabuhayan ng mga magsasaka sa baryo.
CR
Hindi lang road-widening ang proyekto nina Mayor at Don Roman. Balak din po nila itulak ang mga proyektong ekoturismo.
Hindi naman 'yan ang kailangan natin!
DON ROMAN SALOT!
TUTULAN ANG DEMOLISYON
Uy Kaloy, susunod na lang daw si Aling Patring. Ihahabilin daw si baby Joms.
Ah sige. Itaas lahat ng plakard!
Pagsapit ng Disyembre, sa wakas, handa na ang Masigla para sa isang dayalogo kay Don Roman na matagal nilang pinaghandaan. Nagtipon silang lahat patungo sa harap ng munisipyo para sa kanilang laban...
Mapigilan kaya ng mamamayan ang pagpapalayas sa kanila? Paano kung bweltahan ni Don Roman ang mga taumbaryo? Aamin kaya si Tintin kay Nanay Patring?
ABANGAN...


ARMAS-TK